


Pagkamit sa Kahusayan sa Paggamit ng Enerhiya



Ang kahusayan sa paggamit ng enerhiya ay nangangahulugan ng paggawa nang marami gamit ang kaunting enerhiya. Sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mamimili habang gumagamit ng mas kaunting enerhiya, binabawasan ng California ang pangangailangan sa paglikha ng bagong kuryente, na maaring makabawas sa polusyon ng hangin at makakatipid sa pera ng mga mamimili. Maraming estratehiya sa mahusay na paggamit ng enerhiya ang lumikha din ng mas kumportableng mga tahanan at lugar ng trabaho.

Sa loob ng higit sa 40 taon, ang California Energy Commission ay naging mahalaga sa pagsulong ng mga diskarte sa kahusayan sa paggamit ng enerhiya. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng cost-effective na kagamitan at pagbuo ng mga pamantayan ng kahusayan sa paggamit ng enerhiya, ang Komisyon ng Enerhiya ay pinatipid ang mga mamimili ng higit sa \$100 bilyon sa kanilang mga utility bill.

Ang patuloy na pag-unlad na mga teknolohiya ay nagbubunga ng mga bagong pagkakataon para pabutihin ang kahusayan, lalo na sa California kung saan ang pagbabago ay nasa ating DNA. At marami pa ang kailangang gawin upang makamit ang hinahangad na layunin ng estado na pagbabawas sa greenhouse gas. Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagtatag ng mga target upang makamit ang pambuong-estado at pinagsama-samang pagdodoble sa kahusayan ng pagtitipid ng enerhiya sa taong 2030. Upang matiyak na kasama ang lahat ng mga taga-California, ang Komisyon ng Enerhiya ay nagsisikap upang matugunan ang mga hadlang na naranasan ng mga may mababang kita at mga kapos-palad sa komunidad para sila ay makinabang sa mga panukalang kahusayan sa paggamit ng enerhiya.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng cost-effective na appliance at pagbuo ng mga pamantayan ng kahusayan sa enerhiya, ang Energy Commission ay nakapagligtas ng mga mamimili ng higit sa \$ 100 bilyon sa mga utility bill.

Pagtatakda ng Mga Pamantayan.

Ang California ay lumikha ng pinaka-unang pamantayan sa konserbasyon ng enerhiya sa bansa para sa mga gusali at kasangkapan noong dekada 1970. Simula noon, ang estado ay patuloy na nagtatag ng mga cost-effective na pamantayan at insentibong nakakatulong sa mga mamimili. Ang mga pamantayan ng California ay tinularan ng ibang mga pamahalaan sa buong mundo.

Mga Kagamitan.

Ang mga regulasyon sa kagamitan ng Komisyon ng Enerhiya, na sinamahan ng mga pamantayang pederal, ay nagtakda ng pinakamababang antas ng kahusayan sa paggamit ng enerhiya at tubig para sa mga produktong tulad ng consumer electronics, mga kasangkapan sa bahay, at mga kagamitan sa pagtutubero. Ang mga pamantayan ang naglipat sa pamilihan patungo sa mas pinahusay na mga produkto, na gumagawa ng mga makabuluhang pagtitipid ng enerhiya para sa mga mamimili ng California nang hindi naaapektuhan ang pakinabang ng mga produkto. Ang mga pamantayan ay binuo ng industriya, mga tagapagtaguyod sa mahusay na paggamit ng enerhiya, at iba pa sa pamamagitan ng isang bukas at malinaw na proseso. Upang matiyak na ang mga tagagawa na sumunod, ang Komisyon ng Enerhiya ay maaaring pagmultahin ng mga tagagawa at nagtitingi na nagbebenta ng mga kasangkapang hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng estado.

Bagong Mga Gusali.

Kada tatlong taon, ina-update ng Komisyon ng Enerhiya ang mga pamantayan sa kahusayan sa paggamit ng enerhiya para sa mga bagong itinayong gusali at ng mga pagbabago sa mga umiiral na gusali. Bilang karagdagan sa pagsalba ng enerhiya at pera, ang mga pamantayan ay nakatutulong para isama ang renewable energy papunta sa electrical grid. Ang mga pamantayan ay nangangailangan ng solar generation sa mga bago at pang isang-pamilyang pamamahay simula sa 2020. Ang mga pamantayan ay nagpapababa sa pagbubuga ng mga greenhouse gas sa pamamagitan ng pagpapalakas sa kahusayan sa oras na ang level ng carbon sa grid ay mas matindi. Upang maipatupad ang mga pamantayan, ang Komisyon ng Enerhiya ay nakipagtulungan sa mga stakeholder, kabilang ang mga lokal na kagawaran ng gusali, mga propesyonal na tagadiseno, mga kontratista, at marami pang iba.

Pag-upgrade sa Mga Kasalukuyang Gusali ng California

Ang pagkamit sa hinahangad na klima at layuning pang enerhiya ng California ay mangangailangan ng decarbonizing sa mga umiiral na gusali. Habang nakamit na ang ilang kahusayan sa mga boluntaryong gawain, may mga potensyal pa ring nananatili. Ang “Existing Buildings Energy Efficiency Action Plan” ng Komisyon ng Enerhiya ay nagkakaloob ng 10-taong plano upang buksan ang mga pwersang pang-merkado at baguhin ang kasalukuyang mga tirahan, komersyo, at pampublikong mga gusali ng California patungo sa mataas na antas at mahusay sa paggamit ng enerhiya.

Ang pagbabago sa mga gusali ng California ay nangangailangan ng tumpak na impormasyon para sa mga tagapagpasiya at mga mamimili. Ang Komisyon ng Enerhiya ay bumuo ng kauna-unahang sukatan sa buong bansa para sa paggamit ng enerhiya sa mga gusali at programa ng pampublikong pagbubunyag para sa mga kasalukuyang komersyal at gusaling pang maramihang-pamilya. Ang pagbibigay sa mga consumer ng impormasyon sa paggamit ng enerhiya ay makakatulong na hikayatin ang mga may-ari ng gusali na ipatupad ang pag-upgrade ng kahusayan sa paggamit ng enerhiya.

Ang mga insentibo ay gumanap rin ng mahalagang papel sa pagpapabuti ng performance sa mga kasalukuyang gusali. Ang Komisyon ng Enerhiya ay nangangasiwa ng ilang mga insentibong programa, kabilang ang programang Energy Conservation Assistance Act at ang K-12 school program ng Panukala 39.

Ang financing program ay isang umiikot na loan fund na nagbibigay ng zero at low-interest rate na mga pautang sa mga lokal na pamahalaan, paaralan, at iba pang pampublikong institusyon. Ang Panukala 39, o ang programa ng Clean Energy Jobs Act, ay nagbigay ng higit sa \$ 1.5 bilyon bilang grant sa mga lokal na ahensya ng edukasyon para sa pag-upgrade ng kahusayan sa paggamit ng enerhiya at mga proyekto para sa malinis na enerhiya.



Governor
Gavin Newsom

Chair
Robert B. Weisenmiller, Ph.D

Executive Director
Drew Bohan

Commissioners
Karen Douglas, J.D.
David Hochschild
J. Andrew McAllister, Ph.D.
Janea A. Scott, J.D.

energy.ca.gov | facebook.com/CAEnergy | twitter.com/calenergy | instagram.com/calenergy

January 2019